


*Samahang Imigranteng Pilipino sa Andorra*

November-December 2009 ISSUE No. 05

# DI MAPIPIGILANG TAGUMPAY NG FILAND INIHAYAG NI BONG CANLAS

## MALIGAYANG PASKO AT MANIGONG BAGONG TAON SA LAHAT



Lalo pang **b**umuhos ang suporta mula sa mga members ng samahan sa pag lahad at talumpati ng Presidente Bong Canlas sa nakaraang Asemblea general ng FILAND. Ayon pa kay Canlas, mula pa noong pagsalin ng poder, marami tayong accomplishments na nagawa at natapos na proyekto. Lahat nang ito ay para sa ika-gaganda ng samahan. Inilahad ni Canlas ang mga proyektong nabanggit mula sa pag sasa-ayos ng solicitude at iba pang papeles ng FILAND, pag deposito ng pera sa banko, pagkaroon ng sariling locál kung saan idinaraos ang regular monthly meetings, Binanggit din niya " We have successfully created the sports program,kung saan dumayo at sumali tayo sa nakaraang Ambassadors Cup". Lalong nakilala ang komunidad nang muling gunitain ang napatagil mula noong 1997 na Philippine Independence day celebration dito sa Andorra na muling ipinamalas ang maganda at makulay na tradisyon ng pilipino kung saan tumanggap ang FILAND ng recognition mula sa UNESCO at sa Comù de Andorra la Vella. Sa unang pagkakataon sumali na rin tayo sa 2 malalaking Fira ng Andorra". Lahat nang ito ay utang ko sa lahat ng members na naka antabay para tumulong, sumuporta para sa ikakaganda at tagumpay ng FILAND. More than proud ako sa statement of account natin dahil as of this date meron tayong €6,398.11 after deducting all expenses". pahayag ni Bong Canlas.

### New Ambassador to Spain

Ana Ines de Sequera-Ugarte is the new Philippine Ambassador to Spain.Isang advertising executive at isang environmental activist. Itinalaga bilang Ambasador noong Mayo 2009 at humalili sa dating Ambasador Antonio Lagdameo. Nanumpa at itinalaga ni Foreign Affairs sec. Alberto Romulo pagkatapos mahirang ng Commission on Appointments bilang Ambassador Extraordinaria at Plenipotentiary para sa bansang España at kasama ang Andorra.



Doña Ana de Sequera-Ugarte was born in Manila on 18 November 1958. Her parents were Joaquin de Santaromana from a family with roots in Asturias and Teresita Gomez. Ambassador Ugarte is the widow of Iñaki Ugarte, an advertising executive and descendant of the prominent Basque family. She has two children, Juàn Andrès and Pia Ana Maria Ugarte. Ambassador de Sequera-Ugarte presented her credentials to Mons. Joan Enric Vives, Bishop of Urgell and Co-Princep of Principality of Andorra last Nov. 16.



### Dear Members!

The year is almost over, and we face another exciting year to come. It is always exciting when we think to help our fellow kababayan and looked forward. Let us take FILAND as a service in our Filipino community in Andorra and as a privileges and opportunity the Lord give us.

With joy in our hearts, we wish you all the blessings the New Year will bring to you and your love ones this season. May God bless us all. Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon.

*Cheers!*

Joel Lanzanas
Presidential Assistance for Community Development

FILINVEST
EUROPE

FILINVEST Barcelona
Mary Daquilanea
Sales Manager
Tess Hernandez
Sales Consultant
Tel: +34-93 3436065
+34 627328017

## FILAND NAGPADALA NG TULONG



Agad nagpadala ng tulong at pakikiramay ang FILAND sa mga biktima at nasalanta ng bagyong Ondoy nitong nakaraan. Sa tulong ng consulado ng Pilipinas sa Barcelona sa pamumuno ni ginoong Eduardo de Vega, consul general at vice consul Arman Talbo, madaling naipadala ang nasabing mga damit, dilatang pagkain at cash sa mga kinauukolan. Nangalap kaagad ng anumang maitutulong si Bong Canlas, presidente ng samahang FILAND makaraang mapag alaman ang idinulot ng bagyong Ondoy. Nagpasalamat din si Canlas sa madaliang pagtugon at mga tulong ng mga Pilipino sa Andorra.

## AMBASSADOR SEQUERA-UGARTE BINISITA MGA PILIPINO SA ANDORRA

Dito sa Andorra, sa pagbisita ng bagong embahadora ginang Ana Ines de Sequera-Ugarte, inimbitahan ni Philippine Honorrary Consul sa Andorra na si ginoong Hans Peter Holbach ang ilang lider at mga kinatawan ng kumunidad pilipino sa Andorra. Kasama rin sa pag bisita sa Andorra si ginoong Eduardo de Vega, Philippine consul general ng Barcelona, Spain. Dumalo rin sa nasabing pagtitipon ang cónsul minor ng Andorra, si ginoong Joseph Vila kung saan ipinaabot niya ang opisyal na imbitasyon para sa bagong embahadora. Binati rin sa pagtitipon na ito si ginoong Holbach na nagdiwang ng kanyang kaarawan.





## MGA PAGKAING PINOY TAMPOK SA PINAKAMALAKING TRADE FAIR NG BANSA

Pinakita ng dalawang batikang pinoy chef dito sa Andorra na sina Chef Lino Alcala at Chef William Refuerzo ang kanilang galing sa pagluluto ng pagkaing Pilipino na natunghayan ng libong manonood sa nakaraang tradefair dito sa Andorra Ang autentesidad at sarap ng pagkaing Pilipino ang nagbigay ng magandang imagen para sa comunidad. Ipinamalas ng dalawa ang magandang tradisyon na minana pa natin sa ating mga magulang, ang pagluluto. Naging number one sa festival ang lumpiang gulay, morcon at guinataang hipon. Sumali rin ang mga bansang Italia, Francia, España at Portugal.

Sa kauna-unahang pagkakataon, ang samahang FILAND ng mga Pilipino sa Andorra ay sumali sa pinakamalaking Fira d' Andorra na ginaganap taon-taon dito. Ang nasabing tradefair ay dinaluhan ng ilang matataas na personalidad ng bansa na personal na pinuntahan ang booth ng mga pinoy tulad nina kagalang-galang ginoong Jaume Bartumeu, presidente ng Andorra, ginang Rosa Ferrer, consul major ng Andorra, ginoong Joseph Vila, consul minor at ang secretario general ng UNESCO, si ginoong Jean Michele Armengol. Nagkaroon ng Philippine Fiesta store. Ang nasabing tradefair ay naging perfect setting para sa FILAND presidential assistance for community development kung saan nagkaroon ng pagpakikilala sa mga produktong pinoy, nagkaroon din ng product sampling, promotion at sumagawa rin ng direktong consumer market reseach para sa mga susunod pang tradefairs.



## BAGONG COACH



**I**sang batikang manlalaro ang itinalaga bilang bagong head coach ng FILAND Basketball team nitong nakaraan. Siya ay walang iba kundi si Ramil De la Cruz. Isang batang-bata pero punò ng experiensya sa larangan ng sports. Taga Asinggan, Pangasinan at nag tapos sa Rizal State Academy sa nasabing lugar. Dating assistant head coach ng kupunan ng basketball at member ng sports committee. Ayon pa sa kanya, “Isang malaking karangalan ang pagsilbihan ang kapwa mo sa pamamagitan ng sports at higit sa lahat, binigyan ako ng pagkakataong maipakita ang aking kakayahan bilang head coach ng FILAND; kaya nagpapasalamat din ako sa full support ng mga players gayon din ng ating komunidad. Gagawin natin ang ating makakaya upang magkaroon tayo ng isang respitadong kupunan na puwedeng isagupa. Sinabi pa rin ni Ramil De la Cruz na gusto nilang tapusin ang lahat nang naantalang sports activities, para sa gayon, lalong maging masaya. Ayon pa rin sa ating source, pinulong kaagad ni Dela Cruz ang mga players niya.kung saan nagkaroon ng open discussion at palitan ng koro-koro ang bawat isa para maiwasan anumang problema. Isang intensibong insayo ng mga players ang inaasahan. Sa kanyang huling pahayag, sinabi pa ni Coach Ramil De la Cruz na, “Magsama-sama tayong magtulungan at kalimutan na natin yung personal na interes”. **Bp**




Makikita sa larawan si Consul Gen. Eduardo De Vega, mga muse at ang FILAND Basketball team nitong nakaraang Ambassadors Cup na ginanap sa Mallorca, Spain.

# Terrific Pageant

Question and Answer portion during the 2009 Miss Philippine Tourism pageant
Manila Hotel

Host: If you had a foreigner friend, where will you bring him to showcase the beauty of the Philippines?
Contestant: Bocaue.
Host: Bocaue? Why Bocaue? There are so many other nice places in the Philippines like Boracay, Palawan…
Contestant: Because it’s magnificent place.
Host: Which part of Bacaue?
Contestant: Sir, The Bocaue Rice Terraces.

Host: What is your best feature?
Contestant: My graduation picture and also my baby picture.

Host.: What is your favorite motto?
Contestant: “If others can’t, why cant I”.

Host: What would you like to say to Foreigners?
Contestant: Please come back or you shall return.

Host: What is your typical day?
Contestant: I think Saturday po!

Host: If you were to describe the color blue to a blind person, how would you do it?
Contestant: That is a very good and easy question but is hard to answer. He.he
Host: What is your edge over the other Contestants?
Contestant: My edge? I’m 21 years old Sir!
Host: What, in your opinion, is the ideal age for marriage?
Contestant: Thirty-five.
Host: Why thirty-five?
Contestant: Because you are old enough not to make any mistakes.
Host: How do you see yourself 10 years from now?
Contestant: I am now 18, plus 10…I’ll be 21!

Note: Contestants who answered these questions Above were eliminated from the pageant.

# *FILAND Personality*



**I**sinilang mula sa Jaro, Iloilo City. Mula sa kilalang ankan ng pamilya Jaen. Second Rank-in-file ng mga board members. Chaiman ng peace and order committee. Jaro Jaycees awardee. Friendly. Isang urilang ama ng tahanan. Siya ay si board member Martin Jaen.

Sa isang pakikipanayam ng *Balitang Pinoy* sa board member, sinabi niya na malaki ang pagbabago ng FILAND dahil sa pamamalakad ng pangulo natin at marami ang sang ayon diyan. On the first place, maganda ang samahan at dumami ang mga members nito. Ang Presidente ay open sa lahat at nakikinig sa mga members at opisyales mismo bago masunod ang plano. Halos lahat ng opisyales at members nito ay nagtutulungan para sa ikakaulad ng samahan; pero inspite of those things, ayon sa board member, mayroon pa ring mga tao na mayroong crab mentality, kung saan ayaw pa rin nilang umunlad ang samahang pilipino. Sa aking nakikita, ayon pa sa kanya, maraming natutuwa at nagkakagusto dahil alam nilang open at maganda ang layunin ng FILAND at ng presidente. Siguro naman nakikita natin kung paano ang taos pusong pagtulong ng FILAND sa mga pilipino. Malaki ang pinag-bago nito. Naging mas malawak. Mas responsable, Naging huwaran. Ang tanging layunin natin dito ay magkaisa para maisakatuparan ang mga proyekto natin. Katulad nitong nakaraang Firà de Andorra. Napakagandang tingnan ang ating community, dahil sa pagtutulungan ng bawat isa. Excited ang lahat lalo na ang mga kabataan-lalo na siguro kapag lahat ng pinoy ay magkaisa. Sana ipagpatuloy natin ang magandang sinimulan at magising naman yung iba para mabuo ang mga pinoy sa Andorra." Ayon pa sa kanya. **Bp**

## MGA KAPAMPANGAN DISMAYADO

**D**ismayado ang ilang kapampangan sa UK sa pagtakbo ni Pangulong Gloria Arroyo bilang kinatawan sa kanyang distrito sa Pampanga. Duda ang kanyang mga kabalen na gusto lamang takasan ng pangulo ang inaasahang isang tambak na kaso na isasampa sa kanya ng kanyang mga kritiko oras na nawala siya sa puesto.

Payo nila, ipaubaya na lang ang nasabing position sa iba o dili kaya sa kanyang kamag-anak kung gusto niya talagang tulungan ang kanyang mga kababayan o kabalen.Sinabi pa nila na nakakapag taka sa intire history ng Philippines, ngayon lang nangyari ito na ang presidente ay tatakbo bilang kongresista. Naniniwala naman ang iba na gaano man kasadsad ang rating ng pangulo sa survey, mayroon pa ring naniniwala sa kanya na mabibigyan niya ng higit na pansin ang kanyang sariling distrito kapag nanalo. Bp




*Rhoda's*

Cakes & Patries


+ 376 - 379 485




## MGA OFW NA APEKTADO NG FINANCIAL CRISIS WALANG BALAK UMUWI NG PILIPINAS




**P**atuloy pa rin ang paglago ng financial crisis sa España na tinaguriang "sickman of Europe" pero wala Pa rin balak umuwi ang mga apektado doon. Umaabot na sa 19% ang unemployed at ito ang pinakamatindi inabot sa kasaysayan ng España. Marami nang pinoy ang natanggal sa trabaho lalo pa sa service sector tulad ng Cook, waiter, waitress at domestic services.Dahil bumagsak ang pagpasok ng turista, maraming establisemiento ang nag sara na karamihan dito ay mga pilipino ang nagtratrabaho.Kahit patuloy ang crisis, naniniwala sila na mas maganda ang kinabukasan nila sa España.Ayon naman kina ambasador Ana Ugarte at Labor Attache Ramon Tionloc, na umaasa at naniniwala sila na ang crisis na ito ay pang samantala lamang ito at gaganda at babalik sa sigla ang España sa susunod na taon.



**FILAND COMMUNITY CHRISTMAS PARTY**

**DECEMBER 20, 2009 SUNDAY**
**HOLIDAY INN ANDORRA**

**ADULT - €38.00 + +**
**CHILDREN - €15.50 + +**

**For reservations please contact tel nos:**
**+376 325 971 +376 860 871**